# NGAYON HINDI NA PAPAYAGAN ANG KORAPSIYON: MAYOR ANARNA

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 3 | 10.00 | OCTOBER 17 - 23, 2022

**ng BANTAYBALITA STAFF**

MGA kasong kriminal at sibil ang planong isampa laban sa mga kontraktor ng mga pagawain sa bayan ng Silang na nakasingil ng 95 porsiyento pero iniwang di-tapos ang mga impraestruktura.

Isa ito sa iniulat ni i Mayor Alston Kevin Anarna sa harap ng mga sumaksi sa pag-uulat sa mga nagawa ng kanyang administrasyon sa loob ng unang 100 araw.

Ayon sa alkalde, 10 proyekto ang iniwang hindi kumpleto ng mga kontratista na nakasingil na ng bayad sa naigawad na pagawaing bayan.

Bago ang kanyang 100-Day Report na ginanap sa harap ng bagong gusali ng munisipyo sa Barangay Biga nitong Biyernes, Okt. 7, ipinakita ng abogadong alkalde sa kanyang Facebook account ang mga larawan ng mga estudyante ng Lucsuhin Elementary School na nakapayong habang bumubuhos ang ilan dahil walang bubong ang gusaling paaralan.



*Epektibo at malinis na pamamahala sa bayan ng Silang, ipinangako ni Mayor Alston Kevin Anarna.*

Ginastusan ng P37 milyon ang estruktura, ayon kay Atty. Anarna.

Sa panayam ng alkalde sa mga guro, anim na estudyante ang nagpapagaling na matapos magkasakit ng dengue at kung malakas ang buhos ng ulan, lumilipat ag mga mag-aaral sa isang covered court.

Ikinatuwa naman ni Anarna na maraming pribadong indibidwal ang nag-alok ng tulong pinansiyal upang makumpleto ang Lucsuhin ES.

Nangyayari na sa loob ng kantina nagkaklase ang student with special needs (SPED) na ikinababahala hindi lang ni Mayor Anarna, maging si Vice Mayor Ted Carranza at mga konsehal, mga kawani ng pamahalaang bayan.

"... very concerning iyong mga pictures na naka-payong pa iyong mga learners dahil hindi tapos iyong construction ng classroom nila. Ang nakapukaw sa aking damdamin and also the Department of Education (DepEd) on Friday," sabi ni Anarna.

Magtutulong ang alkalde at ang DepEd kung paano maaayos ang kaawa-awang kalagayan ng mga batang mag-aaral.

Iba pang estruktura na iniwang hindi tapos ng mga kontraktor bukod sa Lucsuhin Elem. School ay ang SPED building sa Silang Central Elem. School, Rural Health Office, New PNP building na katabi ng bagong gusali ng munisipyo at ang bakod sa likod niyon.

"Hinihintay na lamang namin ang official report of the Special Technical Audit Team of the Commission on Audit (CoA) tungkol sa hindi nakumpletong paaralan pero nabayaran nang buo," sabi ni Mayor Anarna.

Binanggit ni Anarna ang malalaking halagang natipid sa loob ng 100 araw, at hindi niya papayagan ang korapsiyon sa kanyang administrasyon.

Sa pagbili ng gamot, mga silyang gamit sa eskuwelahan, nakatipid ang mamamayan ng Php 6-milyon.

"... while the Php 180 million streetlight align Aguinaldo Highway from Dasmariñas to the boundary of Tagaytay we only got Php 54 million," sabi ng alklade.

Sa kanyang mensahe, binigyang diin ni Anarna tulkoy-tuloy ang serbisyong medikal at pinansiyal sa mga Senior Citizens at mga person with disabilities (PWDs).

Gagawing bahay-bahay ang pamimigay ng ayuda upang hindi na mapagod ang mga lola at lolo, at mga PWDs, sabi ni Anarna.

Sinabi pa ng alkalde na ginawa na niyang regular and mga 'job order employees' na tumagal ng dalawa o mahigit pang 20 taong serbisyo sa munisipyo.

Marami na rin tinanggal na kawani na napatunayang may ginawang katiwalian at inatasan ang lahat ng opisyal at empleyado na maging bukas at lantad sa mga transakiyon at gawain sa munisipyo.

"Dito, ang patakaran ko, walang dapat na 'commissioner' o tumanggap sa mga kontrata o proyekto. No corruption policy po tayo," sabi ni Anarna sa mga mamamahayag.

Sabi ni Anarna, siya, at lahat ay inutusang hindi dapat tumanggap ng anomang komisyon o pabuya sa mga kontratang inaaprubahan ng pamahalaang lokal.

"Hindi natin papayagan ang korapsiyon dito," sabi ni Mayor Anarna.

Isang malinis na gobyerno at lantad at bukas-sa-tao na uri ng pamamahala ang, ang ipinangako ni Anarna na kanyang ibibigay para sa mga Silangeños sa loob ng tatlong taon.

Tnatawag ngayon na'Giant Killer,' sa unag takbo sa politika, nagawa ni Anarna na tapusin ang mahigit sa 27 taon ng pamamahala sa bayan ng pamilya Poblete na ikinagulat ng maraming lokal na politiko.




*Larawan mula sa FaceBook Account ng pamahalaang lokal ng Silang*

## 'Middle man' sa Lapid's murder, pinatay?

**ni Ed Genova Cuena**

GUMUGULO, sa halip na luminaw, ang imbestigasyon sa pagpatay kay broadcaster Percy Mabasa (Percy Lapid) sa pagkumpirma na ang middleman o kumontrata sa krimen ay namatay mismo sa loob ng New Bilibid Prisons (NBP) sa Muntinlupa City.



*Dismayado si Roy Mabasa (kanan) sa itinatakbo ng imbestigasyon sa pagpatay sa kapatid na si Percy.*

Una rito, inamin ni Joel Escorial na siya ang bumaril kay Lapid, Okt. 3, bandang alas 8.30 ng gabi sa Las Piñas City.

Labis na ikinalungkot ng pamilya ni Percy ang balita, ayon kay Roy Mabasa, nakatatandang kapatid nito, isa ring mamamahayag at dating presidente ng National Press Club of the Philippines.

"Our family is distraught," sabi ni Roy na idinugtong na may misteryo sa pagkamatay ng sinasabing 'middleman' sa loob ng apat na oras magtapos sumuko at umamin si Escorial na siya ang killer ni Percy.

Hindi na nila alam kung sino ang pagkakatiwalaan, ani Roy, at pakiramdam niya, may malalaking tao na nais guluhin at itago ang utak sa pagpatay sa kanyang kapatid.

Bukod kay Escorial, kinasuhan ng marder ang magkapatid na Israel at Edmon Dimaculangan at isang n Orly/Orlando na kasabwat sa krimen.

Sa kanyang apidabit, sinabi ni Escorial na isang 'Crisanto Palana Villamor' alias 'Idoy' ang nangako na babayaran sila ng P550,000 sa pagpatay

*Sundan sa p.2*

# Filing of certificate of candidacy for Cavite 7th district is on Dec. 5, 6.

REGISTERED voters of the 7th congressional district of Cavite will have the chance to elect a new representative after reelectionist Jesus Crispin Remulla resigned was named Secretary of Justice by President Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr.

Remulla, a former Cavite governor, ran unopposed in the May 9 polls garnering nearly 300,000 votes to secure his second term.

Commission on Elections (Comelec) spokesperson Atty. John Rex Laudiangco said the poll body has set on Feb. 25, 2023 the special election in the City of Trece Martires, municipalities of Amadeo, Indang and Tanza.

Laudiangco said the filing of certificates of candidacy is on Dec. 5 and 6 while the election period will be from Jan. 26 to March 12, 2023.

The campaign period will run from January 26 to February 23.

The polling precincts will be open from 7 a.m. to 3 p.m.

The Comelec said canvassing of votes will be held immediately after the polling ends.

All candidates must file their statements of contributions and expenditures not later than March 10, 2023.

The seventh district has 633,269 population according to a census in 2020.



DOJ Sec. REMULLA

# CPPLI SUPPORTS VP SARA'S DIRECTIVE

by LIZA FE BONETE

IN an interview with this paper, Ms. Rebecca M. Velasquez, president of Cavite Province Publishers League, Inc. (CPPLI) has expressed full support to Vice President Sara Duterte's directive to conduct face-to-face classes starting November 2 this year.

The CPPLI is the official local chapter of the Publishers Association of the Philippines, Inc. (PAPI) where Ms. Velasquez is the association executive president.

"We firmly believe in the commitment of VP Sara who is concurrently our education secretary in her commitment to upgrade the quality of education. Saka, panahon na para ang pagtuturo ay i-conduct na mismo sa loob ng classroom. Iba ang learning condition kung may person-to-person interaction ang teacher at ang mga estudyante, " said Ms. Velasquez.

In a recent announcement, DepEd Sec VP Sara Duterte said that it's time to conduct the face-to-face classes for they serve as the "best option" for students in basic education.

Attaining high quality of education in our country is one tool to lift our people from poverty and our country from underdevelopment, Ms. Velasquez said.



*Panahon nang gawin ang face-to-face classes: Ms. Rebecca M. Velasquez*

In a statement released to media, VP Duterte cited Department Order 44 which provides that private schools may continue holding either five-day face-to-face classes, a blended learning modality, or full distance learning starting November 2 until the rest of the school year.

Duterte further said that she wants private educational institutions to recoup their investments in online learning technologies, the development, and institutionalization of best practices in blended learning.

She added that it is unfortunate that small private schools had to close-shop because of the bad effect of Covid-19 pandemic.

# MGA PAGLABAG NG ABS-CBN IMBESTIGAHAN ULI

ni GENE T. TAN

MAHALAGA, ayon kay Cavite 4th District Rep. Elpidio 'Pidi' Barzaga Jr., na muling imbestigahan ng Kongreso ang natuklasang mga paglabag ng ABS-CBN -- ang higanteng kompanya ng media na hindi nabigyan ng bagong prangkisa kaya isinara ito noong 2020.

Sinabi ito ni Barzaga, nagsilbing vice chairman of the House Committee on Legislative Franchises, kasunod ng ilang panukalang batas na inihain upang muling mabigyan ng prangkisa ang ABS-CBN na pagmamay-ari ng pamilya Lopez.

Wika ni Barzaga, isang abogado at certified public accountant, na makabubuting muling tingnan ang mga isyung ikinapit laban sa ABS-CBN upang malaman kung niremedyuhan na ang mga nakitang paglabag nito na naging dahilan sa pagtanggi na bigyan ng prangkisa na muling umere.

Inalis na ng National Telecommunication Commission ang frequency ng ABS-CBN na nakuha ng AMBS -- ang bagong media company ng bilyonaryong si Manny Villar.

Sinabi ni Barzaga na kailangang ungkatin ang mga isyu tungkol sa foreign ownership, mga paglabag sa batas paggawa, batas sa buwis at iba pang isyu na may kinalaman sa lupang kinatatayuan ng ABS-CBN.

"We have to find out if ABS-CBN has been following the law or continuing to violate or circumvent it," paliwanag ni Rep. Barzaga.

Nagtangkang umangkas sa prangkisa ng TV-5 ang ABS-CBN upang maiere ang programa nito pero biglang nilusaw ang merger nang mabalitang nais ng Kongreso na imbestigahan ito.



Cavite 4th Dist. Rep. Pidi Barzaga

# MASO, Polong Duterte seek higher wages, additional benefits for teachers

by Junex Doronio

**LAPU-LAPU CITY, Cebu** — Stressing that teaching is the noblest profession in the world, the socialist humanist Maharlika Solidarity (MASO) on Wednesday, Oct. 5 asked Congress to immediately pass a legislated wage hike of P30,000 to P35,000 monthly for both public and private school teachers.

This developed as Davao City Congressman Paolo 'Polong' Duterte filed House Bill 4697, which provides teachers scholarships for their graduate and post-graduate studies and will be applicable in all state universities and colleges (SUCs).

"We support the move of some lawmakers that entry level for public school teachers or Teacher I should be Salary Grade 15 or P35,097 and at least P30,000 for private school teachers to help them cope up with high prices of commodities nowadays and to have a dignified living," MASO said in a statement.

Founded by a descendant of Lapu-Lapu on July 7, 2022, which coincided with the foundation anniversary of the Katipunan, MASO lamented that some teachers are forced to become overseas Filipino workers (OFWs) because of their low salaries compared to teachers in other countries.



*HIGHER wages, more benefits for teachers!/Photo courtesy of Kalibrr*

# 'Middle man' ...

*mula sa p.1*

kay Percy.

Nabatid na si 'Idoy' ang tinukoy na middleman na umano ay namatay sa bangungot na ang bangkay ay isinasailalim pa sa awtopsiya.

Sumuko si Escorial, 39, sa takot na ipapatay ng 'utak' sa krimen.

Ayon kay Escorial, idineposito niya sa kanyang BDO account ang P550,000 bayad sa kanya ni 'Idoy' at ito ay bineperipika pa ng pulisya.

Magkatuwang ang pulisya ng Las Pinas at ang National Bureau of Investigation sa imbestigasyon upang mailabas ang katotohanan at matukoy ang mga 'utak' sa pagpatay kay Lapid.

Samantala, isang Christopher Bacoto na kinilalang ikalawang 'middle man' ang sumuko at nakapiit ngayon sa PNP Custodial Center sa Camp Crame, Quezon City'

# NCRPO, CPPO deploy ...

**From p.8**

The Undas observation usually starts at the last week of October and November 1 and November 2.

LT. Col. Verzola said personnel from the LGUs in Metro Manila together with the Metropolitan Manila Development Authority and the Department of Health, among others, will help maintained the peace and order in the whole National Capital Region.

# PCCI Cavite chapter, maraming salamat po!



THE PUBLISHER
by Henry E. CAOILE

KUNG wala nang panganib sa pandemyang Covid-19, saka pa lamang siya mag-aappoint ng health secretary, sabi ni Pres. Bongbong Marcos, kasi, sabi niya, okay naman ang trabaho ni OIC Dr. Maria Rosario Vergeire.

Sang-ayon kami, pero unsolicited advice lang po, His Excellency Pres. Marcos, sa hamak kong tingin, mas mabuting mag-appoint ng isang tao na may mahusay na managerial ability at hindi kailangan na isang doktor ang piliin.

I think naman, maayos na nagagampanan ni PBBM, popular na palayaw sa ating presidente, ang pag-okupa sa upuan ng Agriculture Department, pero sa tingin ko lang po, dapat mayroon siyang mahusay na mapagkakatiwalaang 'special assistant' na tututok sa kagawaran at mga kawanihan.

Pati rin sa Bureau of Customs na kawawa ang ating farmers, fishermfolks at livestock raisers sa pagpapalusot ng smuggled o kaya ay pinalusot na importation na ang nakikinabang ay big business.

Iyon lang po at salamat, Pangulong Bongbong.

@@@

What can we say but "A million thanks to your donations po!"

We are referring to Cavite businessmen who donated Php 1M to Cavite City MedCare Center composed of members of the Philippine Chinese Chambers of Commerce and Industry-Cavite Chapter.

Cavite City Mayor Denver Reyes Chua can't hide his happiness with the donation to help the less fortunate kababayan in the city and to the recently opened city government medical facility.

Brand new City Mayor Denver said that the kind-hearted Cavite businessmen gave the money for the purchase of additional hospital equipment.

On his Facebook page, the mayor said: ""Nakakatuwa dahil maraming mabubuting puso na nais tayong tulungan para sa pagunlad ng ating lungsod."

And Mayor Chua assured that the donation will be put to good use: " Sisiguraduhin po ng inyong lingkod Mayor Denver Chua, na mapupunta ang inyong donasyon sa tama at dapat nitong puntahan."

Kahit hindi po tayo taga-Cavite City, this paper expresses our deepest thanks to thge generosity to the members of PCCI, Cavite chapter.

Sana po, mag-donate din kayo sa iba pang ospital dahil talagang maraming nangangailangan ng maayos na medical service, lalo na sa tulad naming walang ikakayang magbayad ng mahal sa mga laboratoryo, operasyon at iba pa.

Mayor Denver said in his FB page that the Cavite City MeDCare is not just a lying in clinic.

Ito pala ay kaya nang gumamot sa mga emergency cases and offers free laboratory and dental clinic.

Mabuhay po, kayo PCCI Cavite chapter at maraming salamat sa inyong mabuting serbisyo sa mamamayang Cavitenyo, Mayor Denver.



Cavite City Mayor Denver Reyes Chua

BANTAY BALITA
Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1.
Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
Phone: 09274890759 / 09289406369
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com

Publisher: HENRY E. CAOILE
Editorial Consultant: ELI TAPARAN II
Executive Editor: DOMZ B. CAOILE
Special Projects Director: ADELA R. ZAMORA
Circulation Manager: LIZA FE BONETE
Contributing Editors: RUEL B. FRANCISCO, NOLI LIWANAG, BIG 'BOY' JAVINES
Writers: LUKAS DA SILVA, GENE T. TAN, ED G. CUENCA, RICKY 'TISOY' CARVAJAL
Art & Production Manager: ART BEJASA

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

# PARTNERSHIP AGREEMENT SIGNING

ni Eli Taparan II

SA nagkakaisang Cavite, walang imposible!

Pinatunayan ito sa ginanap na Partnership Agreement Signing Ceremony na dinaluhan ng mga pinuno ng pamahalaang lokal ng Bacoor City ng Distrito Dos at ng mga bayan ng Kawit, Noveleta, Rosario at Cavite City ng Distrito Uno nitong nakaraang Lunes, Oktubre 17.

Ang kasunduan sa pagtutulungan ay pinangunahan ni 1st District Congressman Jolo Revilla at Bacoor City Mayor Edwin 'Strike' Revilla at buong pagkakaisang sinang-ayunan nina Mayor Angelo Emilio Aguinaldo ng Kawit, Mayor Dino Reyes Chua ng Noveleta, Mayor Voltaire Ricafrente ng Rosario at Mayor Denver Reyes Chua ng Cavite City.

Sa kanyang mensahe, sinabi ni Rep. Jolo Revilla na mahalaga ang pagkakaisa sa ugnayan ng magkakalapit na bayan at lungsod ng Distrito Uno at Dos upang maihatid ang makabuluhang serbisyo sa mamamayang Caviteno.




PAGTUTULUNGAN: Masayang ipinakikita ang mga kopya ng pinirmahang Partnership Agreement, nagkaisa sina (mula sa kaliwa) Agimat Partylist Rep. Bryan Revilla, Noveleta Mayor Dino Reyes Chua, Cavite City Mayor Denver Reyes Chua, Bacoor City Mayor Edwin 'Strike' Revilla, District I Rep. Jolo Revilla, Rosario Mayor Voltaire Ricafrente at Kawit Mayor Angelo Emilio Aguinaldo na magtutulungan upang maihatid ang mabilis at de kalidad na serbisyo sa mga mamamayan ng Distrito Uno at Distrito Dos ng Cavite.

Nilinaw naman ni Bacoor City Mayor Strike Revilla na kailangang magkakatugon anga aksyon ng bawat lokalidad tulad sa pagresponde sa panahon ng bagyo at kalamidad at paghahatid ng mga serbisyo sa taumbayan.


Layunin ng Partnership Agreement ang nagkakaisang kilos sa proyektong Rescue 161, mga serbisyo sa edukasyon, kalusugan, maagap na tulong sa mga sinalanta ng bagyo, sunog, aksidente at iba pang insidente na kailangan ang dagli at mabilis na tugon, at iba pang serbisyo para sa residente ng mga binanggit na bayan at siyudad.



Magtutulungan rin ang Una at Ikalawang Distrito sa mga kilusan at programang tutulong sa pagpapalakas ng ekonomya, mga proyekto sa impraestruktura, trabaho, negosyo at proteksiyon sa likas-yaman at iba pang programa upang maiangat ang kalagayan sa buhay ng bawat Cavitenyo.

Sa okasyon, nakiisa ang mga bise-alkalde at mga konsehal, kinatawan sa Sangguniang Panlalawigan ng mga bayan ng Kawit, Noveleta, Rosario at mga lungsod ng Bacoor at Cavite.

Sumaksi sa lagdaan sina Agimat Partylist Rep. Bryan Revilla, Bacoor City Vice Mayor Rowena Bautista-Mendiola na nagbigay ng mensahe ng pakikiisa sa layunin ng pagtutulungan at serbisyong Caviteno.

# JAY & GRACE RENEWED THEIR MARRIAGE VOWS


**by Domz B. Caoile**

IN a solemn rites last October 17, 2022, couple Jay and Grace Gentelizo renewed their marriage vows after a 13-year of blissful companionship.

The marriage ceremonies were witnessed by their closest relatives and their two children, Kuya Thirdy and Rahya.

They decided to renew the vows they made on their wedding day and reflected on the promises they made and how they have evolved as a loving couple.

BantayBalita learned that Jay and Grace were college buddies were their love bloomed and realized that they were born for each other.

"Marami kaming pinag-daanang hirap, but we were able to survive all the challenges, lalo nang kami ay kapwa nagtrabaho sa abroad para makaipon at magkaroon ng magandang kinabukasan ang aming mga anak. And we can only thank our Father God Almighty, kasi pinagbuklod Niya kami sa hirap at ginhawa." Jay told BB.

At present, Jay still work as an overseas Filipino worker but Grace stays at home and manages their small but fast growing business in Silang, Cavite.

Now that they feel secured, Grace said that he floated the idea to Jay to renew their vows, a suggestion Jay gladly agreed.

"I told Grace, yes, for I am ready to marry her all over again. Renewing our marriage vows reminds us that love has a meaning and that with God's blessing our would

Our thanks to our principal sponsors.















# Email us here, mga kabayan



SA TOTOO LANG!

by GENE T. TAN

AY, tunay ka naman, kayhirap nang abutin ang high prices ng ating basic commodities, kaya marami, yung inuulam, kasi wala nang pambili ng manok, baboy, noodles na lang, o mga gulay-gulay kung may matatalbos sa bakuran.

Kamakailan sa pagdinig ng Senate Finance Committee's hearing on DTI's 2023 budget proposal, tinanong ni Idol Sen. Raffy Tulfo kung aware o alam ba ni Trade Secretary Alfredo Pascual na mataas ang sodium na inilalagay sa mga noodles, de-latang sardinas at iba pang processed foods kaya tinatangkilik ng masa.

Pampasarap sa lasa ang sodium na sa karaniwang alam natin ay may brand ito na Ajinomoto, Vetsin at iba pang sauce na pampalasa.

Ayon sa pag-aaral, sa pag-consume ng maramng sodium, sumisira ito sa ating kidney, liver at nagpapataas ng blood pressure, pero paano makakaiwas sa pagkain ng processed food na mura at madalas ipamigay na relief goods ng ating public servants ang isang tulad kong solo parent kung biglang walang maipambili ng masusustansiya pero supermahal na pagkain.

Tirada ni Idol Raffy na kilalang brodkaster, baka raw ang mga DTI officials ay mga health buff at hindi kumakain ng mga pagkaing mahirap.

" Siguro ang kinakain ninyo fettucine o kung ano pang masasarap na mamahalin," sabi ni Idol Raffy na ewan kung paniniwalaan nyo, dear readers, sabi niya, hindi siya mayaman tulad ng ibang opisyal ng gobyerno na de klase, mamahaling pangmayamang pagkain ang kinakain.

Ay, ang alam natin, milyones ang kikinita ng kanyang vlog na alam nating itinutulong niya sa mga mahihirap na lumalapit sa kanyang supersikat na radio program sa radio at sa Facebook at You Tube.

Sa totoo lang, walang mahirap na senador at kongresista sa ating Kongreso at kung sampay-bakod at dugyot ang estado mo sa buhay, di ka magkakaroon ng chances na manalo sa national position.

Kaya tayong kabilang sa mga "hampaslupa" ay magsumikap at 'wag laging umasa sa tulong ng gobyerno, at 'wag laging puna nang puna at dada at kuda nang kuda.

Nasa kamay natin, sa ating pagtitiyaga ang pag-angat sa buhay at pananalig sa awa at pagmamahal ng Diyos.

# HB No. 136 IS NOT GOOD



AY, BUHAY

by Liza Fe BONETE

ARE working Pinoys in the public offices ready to retire at at age 56?

Just read that a House Bill authored by the late Ako Bicol party-list representative Rodel M. Batocabe, along with his colleagues Alfredo A. Garbin Jr. and Christopher S. Co filed on June 30, 2016, House Bill No. 136, called "An Act Reducing the Optional Retirement Age to 56 years old."

They claimed in the proposed law that it is an established fact that at age 56, age-related ailments and other physical limitations are already experienced, thus, benefits and special privileges are but necessary.

They argued that the bill if passed into a law would harmonize the retirement age across all government employees as well as private employees, using the Armed Forces and police retirement age of 56 as basis.

And the bill will provide early benefits to workers, the lawmakers argued: Kasi raw, kuwalipikaso nang maging kabilang sa senior citizens ang maagang magreretiro at mae-enjoy nila ang discounts ng mga SCs sa gamot, basic necessities, pamasahe sa local land, air and sea transportation, VAT exemptions, mandatory membership in PhilHealth at iba serbisyo publiko.

At kung maagang magreretiro sa edad na 56 ang isang government employee/official, parang school, may moving-up at makapapasok ang mga bagong talent sa gobyerno.

May chance na 'yung iba na maging boss, very good.

Teka, in this bill, elected positions in government are excluded in retiring at age 56 because they have a fixed terms of office, like the President, VP, congress people, mayors and the like.

Also excluded are people from the judiciary, commissions like the Comelec, COA, etcetera becoz they are protected by law and can only removed by impeachment or when their fixed term of office expired.

But wait, many employees from the government and the private sector get the lowest monthly retirement pension under the Social Security System (SSS) is P2,200, and P5,000 under the General Service Insurance System (GSIS).

In the 80s, with this amount of pension, one

Sundan sa.7



*PAGKAKAISA sa aksyon at disiplina ang susi sa ating pag-unlad: Mayor Raffy Dualan*

MAY ilang grupo ng 'Marites' ang nagpapakalat ng kung ano-anong kuwento tungkol sa mga proyekto ng pamahalaang lokal ng Naic at kasama ako sa mga binibira sa social media.

Kung wala rin lang kayong alam, lalo na ang mga bagong sulpot at galing sa ibang lugar na maayos na tinanggap ng ating Vice Mayor Junio Dualan noong siya ang alkalde natin, magsitigil kayo!

Imbes na magpasalamat, paninira pa sa kasalukuyang administrasyon ni Mayor Raffy Dualan ang inaatupag nyo, at pakiusap, tumulong na muna tayo, alamin ang puno't dulo ng mga "tsismis" bago magkukuda sa social media.

Ang tagumpay ng ating bayan, sabi nga ni Mayor Raffy, ay sa ating pagtutulungan at pagkakaisa at sa mabilis na aksyon at disiplina.

Hindi sa pagma-'Marites' at walang katuturang pang-iintriga.

We are inviting our dear readers, ating LGU officials and employees, senf us feedback, any news that matters to our email -- sarfia926@gamail.com. o sumulat sa ating executive editor, Sir Domz B. Caoile sa kanyang domzcaoile@yahoo.com.

Inyo pong kakampi kami rito sa BantayBalita.



# Ganda at dangal ng Corregidor Island pagtutulungang maibalik



*Naniniwala si Mayor Denver Chua na aakit ng maraming lokal at dayuhang turista ang Corregidor Island bunga ng nilagdaan MoA sa pagbabalik ng ganda at dangal nito.*

Hindi pa man nauumpisahan ang development ng Corregifor Island, excited na si Cavite City Mayor Denver Chua sa magiging bunga ng nilagdaang memorandum of agreement (MoA) ng pamahalaang lungsod at ng Corregidor Foundation kamakailan.

"Excited na kami na makita ang kagandahan ng Isla (ng Corregidor," sabi ni Mayor Chua na idinugtong na pagbabalik ng ganda at dangal ng makasaysayang isla, darami ang turista, at makikilala ang Cavite City.

Bagaman at malapit sa Brgy. Cabcaben sa bayan ng Mariveles, Bataan, nasasakop ng teritoryo ng probinsiya ng Cavite ang Isla.

Batay sa MoA, pagtutulungan ng foundation at ng pamahalaang lungsod ng Cavite na pagandahin at paunlarin ang makasaysayang isla na may layong 37 kilometro sa Samonte Park ng siyudad.

Malaki ang maitutulong sa industriya ng turismo ng Cavite City kapag naiayos at gumanda na ang Isla, ayon kay Chua.

Itinayo ng mga Kastila ang Isla noong ika-18 siglo bilang isang kutang bato na doon, lahat ng mga barko at bangkang dumadaan patungong Manila Bay ay kailangang mabisita at marekisa.


Tinawag itong Isla de Correcion na nang magtagal na nakagawiang tawaging 'Corregidor.'

Lumagda sa MoA si Ms. Cynthia Carreon, chairman of Corregidor Foundation Inc.; Rowena Bautista, officer in charge and department manager Corregidor Foundation Inc.; at Abraham Urubio, city administrator ng siyudad.

Bumagsak ang Isla noong Mayo 5 at 6, 1942 nang isuko ng magkasanib na puwersa ng mga sundalong Pilipino at Amerikano sa kamay ng Japanese Imperial Army sa malupit na labanan noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Sa interbyu, malungkot na sinabi ni Mayor Chua na matagal na napabayaan ng nakaraang administrasyon ng pamahalaang lungsod ang Isla.

"Para bang hindi sa atin ang historical island na kilala sa tawag na 'The Rock' at hindi man lang tayo sumali sa redevelopment nito sa matagal na panahon," sabi ni Mayor Chua./ ELI TAPARAN II




***MGA sumukong sundalong Filipino at Amerikano sa pagbagsak ng Corregidor noong Mayo 6,1942./ Photo grab.***

## HB No. 136...

*mula sa. p6*

can survive, but today, this monthly pension is "peanuts."

Bakit ka magre-retire e marami ngang lampas 60-anyos ang lalakas pa ng isip at katawan: to me this Bill is another waste of taxpayers time and money.

@@@

AY, ano ba mga bossing naman: pwede po ba, pakitawag naman ang mga managers ng Maynilad at iba pang water utilities na sobrang sama ng serbisyo.

Yabang ng punchline ng Maynilad na may franchise sa Cavite. 'Yung daw tubig ay buhay, at giginhawa raw tayo sa buhay dahil sa kanilang serbisyong tubig.

Isa pa, ang pangako ng Maynilad at ibang water services, ang ibibigay nilang tubig sa atin ay potable, na ibig sabihin nito, pwede, ligtas na inumin o ito ay 'drinking water.'

E, wala na ngang tubig sa gripo natin at kung meron man, marumi, parang hindi napi-filter at pagmumulan ng sakit kapag ininom.

Governor, Vice Governor, Mayor, Vice Mayor, pakiimbitahan naman po ang management ng water services na yan na wala na ngang suplay na tubig, kung makasingil, taas-langit.

Happy reading at maraming salamat po.

# Bulacan Most Business-Friendly LGU, tinanggap ni Gov. Daniel Fernando

**ni Adela Rustia Zamora**

INIUWI ng lalawigan ng Bulacan ang karangalang 2022 Most Business-Friendly Local Government Unit (LGU) Award mula sa prestihiyosong samahang Philippine Chamber of Commerce and Industry (PCCI) nitong Huwebes, Okt. 20 sa ginanap na 48th Philippine Business Conference and Expo sa Fiesta Pavilion ng Manila Hotel sa Maynila.

Kinilala ng samahan ang mabubuting proyekto at kilusang ginawa ng pamahalaang lalawigan sa pangunguna ni Gov. Daniel Fernando para mapaulad ang negosyo at kabuhayan katuwang ang pribadong sektor at mga negosyante.

Sa pagtanggap ng gawad parangal, pinasalamatan ni Fernando ang PCCI at sinabing lalong pagsisikapan na makipagkaisa sa lahat ng sektor na may kinalaman sa negosyo at kabuhayan upang mabigyang ginhawa ang bawat Bulakenyo.



MASAYANG ttinatanggap ni Governor Daniel R. Fernando (ikalawa mula sa kanan) ang parangal na Most Business-Friendly LGU Award - Province Level para sa lalawigan ng Bulacan mula kay Presidente Ferdinand R. Marcos sa idinaos na 48th Philippine Business Conference and Expo (PBC&E) sa Fiesta Pavilion of The Manila Hotel sa Maynila, Huwebes, Okt. 20.

Sumaksi sa paggawad (mula sa kaliwa) sina Trade and Industry Secretary Alfredo E. Pascual; Philippine Chamber of Commerce and Industry President George T. Barcelon, at Provincial Planning and Development Office head Arlene Pascual. (Larawan/ Provincial Public Affairs Office)

Sabi ng makisig na gobernador, ang parangal ang patunay na tama ang lansas na tinatahak ng lalawigan na patungo sa tagumpay.

"Paalala ito para sa amin na lalong magpursige upang ibigay ang pinakamataas na uri ng serbisyo-publiko sa aming mga kalalawigan," sabi ni Fernando sa pagtanggap ng parangal.

Nagkaloob ng parangal sa gobernador ay si Presidente Ferdinand R. Marcos na siyang panauhing pandangal at tagapagsalita sa pagtitipong sinaksihan ng maraming lokal at dayuhang lider ng negosyo.

Noong 2020, nasungkit ng Bulacan sa provincial leven ang karangalang Most Business-Friendly Local Government Unit sa ginanap na virtual event ng l 46th Philippine Business Conference and Expo. / Mula sa Philippine News Agency




SALAMAT po: Pinasalamatan at kinilala ni Mendez-Nunez Mayor Francisco 'Cocoy' Mendoza Jr. ang mga senior citizen na umabot sa edad 90 hanggang 99 sa kanilang malaking ambag sa lipunan bago ang pamimigay ng tig-P5000 sa bawat isa sa kanila na tinatawag na 'nonagenarians'.

"Noong inyong kabataan at kalakasan ng katawan at isip, kayo po ang humubog sa aming mga kabataan at naging pundasyon kung ano ngayon ang tinatamasa nating kaunlaran sa ating bayan. Kaya marapat lamang na suklian namin, sa kahit na maliit na paraan ang inyong mahalagang ambag sa ating bayan at bansa. Maraming-maraming salamat po inyong pagmamahal at serbisyo sa amin," sabi ni Mayor Mendoza.

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 3 | 10.00 | OCTOBER 17 - 23, 2022

# Customs Collects P638.7 Billion In 9 Months

**By Ricky 'Tisoy' Carvajal**



*CUSTOMS Chief Yogi Felimon Ruiz is positive the agency can sustain its good collection performance record.*

THE BUREAU of Customs (BOC) continued to overeach its collection target, collecting a P638.7 billion from January to September this year.

Customs Chief Yogi Felimon Ruiz said that the agency under the Department of Finance (DOF) will surely help spur the government efforts to reopen the economy.

The collection was 36 percent higher than the P470 billion collection in the same period last year, Ruiz added.

The 9-month revenue is also 17.8 percent higher than its target for the period, Ruiz noted.

In September alone, Customs raised P79.5 billion in revenue, 28.4 percent or P17.6 billion above its original target of P61.9 billion for the month.

Ruiz said that this is also the ninth consecutive month the Customs exceeded its monthly targets.

For the full year, Customs has already hit 87 percent of its P733-billion target.

The overreached collection was achieved due to the agency's heightened efforts that prevented revenue leakages, streamlined, digitized, and modernized systems, plus the improving economy resulting in higher volume of imports.

The Customs chief said the agency is positive it can sustain its good collection performance record through the implementation of its enhanced reform programs.

Ruiz explained that with the rigid implementation of border control measures, "we will continuously drive the BOC to plug revenue leakages and strengthen the nation's trade facilitation and revenue collection performance."

" I urge all collection districts to take advantage of the BOC's modernization programs and enhanced reform initiatives," Ruiz said.

# Marcos appoints 3 new justices

In a statement released Thursday, Oct. 20, Office of the Press Secretary officer-in-charge Cheloy Garafil said that President Ferdinand "Bongbong" Marcos has named two new associate justices of the Court of Appeals (CA) and another at the Court of Tax Appeals (CTA)/



**President MARCOS JR.**

Garafil said: "We confirm the appointments of Ms. Selma Palacio Alaras and Ms. Wilhelmina B. Jorge-Wagan as Associate Justices of the Court of Appeals, and the appointment of Ms. Corazon G. Ferrer-Flores as Associate Justice of the Court of Tax Appeals."

Supreme Court Chief Justice Alexander Gesmundo has administered the oath of office to the newly-appointed Justices.

Alaras and Jorge-Wagan were replacements for former CA associate justices Gabriel Ingles and Edgardo Camello who compulsorily retired on February 27 and May 19, respectively.

Before joining the CA, Alaras was the presiding judge of Makati Regional Trial Court (RTC) Branch 62, while Jorge-Wagan was the presiding judge of Pasig City RTC Branch 111.

Ferrer-Flores replaced former CTA associate justice Juanito Castañeda who reached the mandatory retirement age on June 24.

Ferrer-Flores served as the Supreme Court's Deputy Clerk of Court and chief of Fiscal Management and Budget Office prior to her new appointment.

# NCRPO, CPPO deploy personnel to ensure peace and order Undas Day observation

**by Domz B. Caoile**

NATIONAL Capital Regional Police Office (NCRPO) spokesperson Lt. Colobel Sexter Verzola announced that a total of 10,000 policemen were set to be deployed in Metro Manila to secure the observation of Undas or All Saints' Day on 1 November.

"These police personnel will be deployed all over Metro Manila in 80 cemeteries and 24 columbariums," said Versola said.

In Cavite, provincial police director Christopher Olazo has intructed all local police chiefs of the 23 municipalities and cities to deploy all available personnel to provide maximum police visibility to ensure the peace and order during the observation of Undas.

Colonel Olazo said that the police officers can ask help from force multipliers, including civilian security personnel from the local government units to ensure the safety of thousands of people who will troop to churches, memorial parks, urnplaces and other public places in the province.

"It's part of our crime prevention strategy, kahit Undas, naririyan ang mga gumagawa ng kriminalidad. We want to secure these places during the observation of Undas," said Olazo.

*See page 2*



CAVITE provincial police office director Colonel Christopher Olazo with Rossel Calderon, president of newly organized Cavite Press Corps during a presscon at the Cavite PNP headquarters in Imus City.